Sampung Madalas na Itinatanong tungkol sa mga Evacuation at Sheltering tuwing Emerhensya

Anchorage Office of Emergency Management
(Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya ng Anchorage)
Main: (907) 343-1400

Emergency Conditions Line: (907) 343-4701 **www.muni.org/oem**

1. Anu-ano ang mga pangunahing panganib sa lugar ng Anchorage na maaaring mangailangan ng evacuation o sheltering tuwing emerhensya?

• **Malakas na Lindol:** Ang mga lindol ang pinakamalala at paulit-ulit na banta sa Anchorage. Bagama't karaniwang nakakaranas ang South Central Alaska ng mahihinang lindol, umaabot sa kakaunti hanggang sa wala ang pagkasira. Ngunit ang isang malakas na lindol na katulad ng na naramdaman noong 1964 ay maaaring magdulot ng malaking pagkasira sa imprastraktura at gusali na maaaring makaapekto sa malaking bahagi ng lokal na populasyon.
https://www.ready.gov/earthquakes

• **Wildfire (Matinding sunog sa mga kagubatan at kakahuyan)**: Idineklarang komunidad-na-nasa-panganib para sa wildfire ang Anchorage ng US Department of Agriculture Forest Service (Serbisyo sa Kagubatan ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos). Kabilang sa mga salik na nagdudulot ng panganib ay ang mga magkahalong hardwood at conifer na kagubatan na agad na nasusunog sa mga kondisyon ng panganib sa matinding sunog. Gayundin, ang mga residensyal at rural na kapitbahayang matatagpuan sa kabuuan ng mga lugar ng kagubatan ay nanganganib sa mga pana-panahong wildfire.
https://www.ready.gov/wildfires

• **Lubhang Masamang Panahon:** Ang lubhang masamang panahon sa South Central Alaska ay maaaring lumikha ng mga mapanganib na kondisyon na kinabibilangan ng mga bagyo, mga hanging matataas o may puwersang unos, ulang may yelo, at pagbaha o biglaang pagbaha. Bilang karagdagan, ang malubhang panahon ng taglamig ay maaaring maiugnay sa mabibigat na niyebe, nagyeyelong ulan o sleet, at lubhang mababababang temperatura.

• **Mga Pagkagambala sa Enerhiya at Utilidad:** Ang mga pansamantalang pagkagambala sa natural gas at kawalan ng kuryente ay maaari ring lumikha ng mga kondisyon kung saan ang mga Emergency Shelter ay kailangang maitatag para sa mga sapilitang napaalis sa tirahang mga residente. Ang mga uri ng kondisyong ito ay karaniwang likas na limitado ngunit maaaring maging kalat.

Chugach Electric	907-762-7888	http://www.chugachelectric.com/
ML&P - Municipal Power and Light	907-279-7671	https://www.mlandp.com/
MEA - Matanuska Electric Assn.	907-696-7697	http://www.mea.coop/
ENSTAR	907-334-7788	https://www.enstarnaturalgas.com/

2. Paano ako mananatiling may kaalaman tungkol sa mga mapanganib na kondisyon sa aking lugar?

• Subaybayan ang lokal na broadcast media para sa impormasyon sa mga posibleng banta na maaaring makaapekto san lugar kung saan ikaw ay naninirahan.

• Magparehistro para sa libreng serbisyo ng NIXLE upang makakuha ng mga anunsyo at alert mula sa mga Public Safety Agency (Ahensya sa Pampublikong Kaligtasan) sa pamamagitan ng email, mga text message, at iba pang social media. Madali kang makakapagparehistro para sa NIXLE sa pamamagitan ng pag-text ng iyong Zip Code sa Anchorage sa 888-777. Makakapag-log on ka rin sa NIXLE.com upang magparehistro para sa email at mga text message.

• Patuloy na subaybayan ang lokal na broadcast media at NIXLE para sa kasalukuyang impormasyon sa mga kondisyon at para sa anumang mga espesyal na instruksyon sa panahon ng emerhensya o habang lumalabas ang mga nagbabantang kondisyon.

• Maaari mo ring i-dial ang 2-1-1, kung saan ang mga Call Monitors ay magkakaroon ng impormasyon tungkol sa mga kondisyon, instruksyon sa evacuation, at impormasyon tungkol sa mga lokasyon ng emergency shelter.

• Ang Anchorage Emergency Conditions Line sa 907-343-4701 ay nagbibigay ng nai-rekord nang mensahe ng update na impormasyon at mga instruksyon para sa mga residente sa mga naapektuhang lugar.
• Ang webpage ng Office of Emergency Management (Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya) sa www.muni.org/oem ay isa ring mabuting mapagkukunan ng kaalaman para sa kasalukuyang impormasyon at pati na rin mga instruksyon.

3. Paano ko malalaman kung dapat akong mag-evacuate?

• Susubukan ng mga opisyal sa Pampublikong Kaligtasan na magbigay ng paunang abiso hangga't maaari bago talaga kailanganin ang isang evacuation. Kapag may nalalapit na banta (wildfire o iba pang panganib) ang mga Opisyal ng Pulisya o iba pang Opisyal sa Pampublikong Kalusugan ay direktang magbibigay ng abiso sa mga residente sa naapektuhang lugar. Maaari nilang gawin ito sa pamamagitan ng pagpunta sa bawat tahanan, sa pamamagitan ng mga sistema ng malakas na pag-anunsyo sa publiko, o kumbinasyon ng mga ito.
• Subaybayan ang lokal na broadcast media sa pagbabalita at NIXLE – magbibigay rin sila ng mga alert at babala sa evacuation.

4. Paano ko malalaman kung ano ang ruta sa evacuation?

• Ang mga ruta sa evacuation ay pinagpapasyahan ng mga Opisyal sa Pampublikong Kaligtasan batay sa mga kasalukuyan at inaasahang kondisyon pati na rin sa likas na katangian ng banta o panganib. Ang bawat pagsusumikap ay isasagawa upang magbigay sa mga residente ng inaasahang pagruruta ng evacuation sa lalong madaling panahon bago ang pag-uutos ng evacuation.
• Laging isaisip na ang mga pabagu-bagong kondisyon ay maaaring mangailangan ng mga pagbabago sa pagruruta ng evacuation upang masiguro ang kaligtasan. Ang mga lugar ng Pagkontrol sa Trapiko ay itatatag ng mga Opisyal ng Pulisya ng Anchorage upang masiguro na ang mga residente ay maaaring manatili sa mga nakatalagang ruta. Mangyaring sundin ang mga direksyon ng Opisyal sa Pampublikong Kaligtasan upang masiguro ang iyong kaligtasan.

5. Paano kung wala akong transportasyon o nangangailangan ng tulong sa pag-evacuate?

• Maaaring magamit ang mga mapagkukunan ng transportasyong pag-aari at pinapatakbo ng munisipyo upang suportahan ang mga pangangailangan sa transportasyon para sa mga iniatas na evacuation kung kailangan.
• Mahalaga para sa mga residente ang mapahintulutan ang mga opisyal sa pampublikong kaligtasan na malaman kung kailan unang nakipag-ugnay sa iyo kung ikaw ay walang personal na transportasyon upang mag-evacuate.
• Ang mga serbisyong para-transit ay magagamit din para sa mga indibidwal na may mga pangangailangan sa aksesong punsyonal na nangangailangan ng ganitong uri ng serbisyo.

6. Paano ang aking mga alagang hayop?

• Kasama ang mga miyembro ng pamilya, ang mga residente ay dapat na magkaroon ng plano para sa pag-evacuate ng kanilang mga alagang hayop o service animal. Ang mga alagang hayop ay tinuturing na maliliit na hayop gaya ng mga aso, pusa, o mga katulod na hayop na karaniwang makikita kasama ang mga residenteng nag-aalaga ng hayop.
• Hindi kabilang sa mga alagang hayop ang mga exotic o mapanganib na hayo gaya ng mga ahas, unggoy, livestock o mga hayop sa bukid, at mga napaamong mababangis na hayop.
• Para sa mga residenteng walang sariling transportasyon para sa iniutos na evacuation, ang mga alagang hayop ay maaaring sumama sa kanilang amo sa transportasyong ipinagkaloob ng Munisipalidad. Ang mga alagang hayop ay dapat na manatili sa positibong kontrol ng may-ari sa lahat ng oras sa panahon ng evacuation habang nakasakay sa transportasyon ng Munisipyo.
• Ang karagdagang impormasyon ay makukuha mula sa Anchorage Office of Emergency Management (Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya ng Anchorage) tungkol sa kung anong mga supply para sa alagang hayop ang dapat nilang dalhin para sa evacuation.

7. Pano ang aking mga kabayo at iba pang livestock?



• Ang munisipalidad ay walang mapagkukunan ng suporta o kakakayahan upang i-evacuate at pangalagaan ang livestock o mga hayop sa pagsasaka sa panahon ng emerhensya. Responsibilidad ng mga may-ari ng hayop ang masiguro ang kaligtasan at kapakanan ng kanilang mga hayop sa panahon ng emerhensya.

• Ang mga lokal na may-ari ng livestock ay hinihikayat na sumali sa o bumuo ng mga nagdadamayang sumusuportang network upang magtulungan sa panahon ng mga emerhensya at sakuna.
• Ang mga may-ari ng livestock ay hinihikayat na isaalang-alang ang pag-e-evacuate ng kanilang mga hayop nang maaga habang napapalapit ang mga nagbabantang kondisyon.

8. Saan matatagpuan ang mga Emergency Shelters?

• Ang mga Opisyal ng Pampublikong Kaligtasan ay magpapayo sa mga residente nang may paunang abiso hangga't maaari sa lokasyon ng mga emergency shelter. Ang mga pasilidad ng emergency shelter ay maaaring maging isang paaralan, isang pasilidad ng Munisipyo, o pasilidad na pribadong pag-aari o nirerentahan.
• Katulad ng mga ruta ng evacuation, ang mga emergency shelter ay pinipili batay sa mga kondisyon at pagiging malapit nito sa naapektuhang lugar. Ang bilang ng mga taong sapilitang lumilikas ay isa ring konsiderasyon para sa lokasyon at mga uri ng mga pasilidad na gagamitin para sa Sheltering tuwing Emerhensya.
• Ang pag-e-evacuate sa mga residente ay maaari munang idirekta sa isang Temporary Reception Center (Pansamantalang Sentrong Nagpapatuloy) habang itinatatag ang emergency shelter.
• Sa pangkalahatan, ang mga emergency shelter na itinatatag ng Munisipalidad ay pinamamahalaan ng Red Cross. Ang mga serbisyo sa pagkain para sa mga sapilitang lumikas na mga residente sa isang emergency shelter ay iuugnay ng staff sa pamamahala.
• Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang dadalhin sa isang shelter ay makukuha mula sa Red Cross o Office of Emergency Management (Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya)

9. Maaari bang manatiling kasama ko ang aking mga alagang hayop sa Emergency Shelter?

• Ang mga alagang hayop ay hindi pinahihintulutan sa mga emergency shelter. Ang mga may alagang hayop ay dapat na gumawa ng mga pagsasaayos upang magkaroon ng masisilungan ang kanilang mga alaga o ipaalaga sa isang kaibigan ang mga ito habang sila ay namamalagi sa shelter.
• Ang mga natatanging hayop na pinahihintulutan sa mga emergency shelter ay ang mga servuce dogs at mga service miniature horses gaya ng nilimitahan at ipinakakahulugan sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan - ADA).https://www.ada.gov/service_animals_2010.htm
• Para sa malalaking evacuation kung saan ang malaking bilang ng mga tao at alagang hayop ay sapilitang lumikas, ang Munisipalidad ay magtatatag ng isang emergency pet shelter.
• Ang isang emergency pet shelter ay hindi katulad ng pet boarding service; ang mga may alagang hayop ay maaaring maasahang tumulong sa pag-aalaga ng kanilang alagang hayop sa mga lokasyon ng emergency pet shelter.
• Ang karagdagang impormasyon sa kung ano ang aasahan sa mga may alagang hayop ay makukuha sa Municipal Animal Care and Control Center (Sentro sa Pangangalaga at Pagkontrol ng Hayop ng Munisipyo).

10. Paano ko malalaman kung kailan ligtas na bumalik sa aking tirahan?

• Ang mga opisyal sa pampublikong kaligtasan ay magpapayo sa mga residente kung kailan ligtas na bumalik sa tirahan unang-una sa pamamagitan ng broadcast media, NIXLE, at mga social media sites.
• Ang mga lugar ng emergency shelter ay magpapakita rin ng impormasyon upang tulungan ang mga residenteng maunawaan kung kailangan nila maaaring asahang magiging ligtas ang bumalik sa tirahan.
• Ang mga website ng kagawaran gaya ng pulisya, bumbero at Office of Emergency Management (Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya) ay lagi ring magbibigay ng update sa mga mamamayan sa kung kailan ligtas na bumalik sa tirahan.

Anchorage Police Department (Kagawaran ng Pulisya ng Anchorage)
Facebook https://www.facebook.com/APDInfo
Twitter https://twitter.com/APDInfo
Website ng Munisipalidad http://www.muni.org/departments/police/pages/default.aspx

Anchorage Fire Department (Kagawaran ng Bumbero ng Anchorage)
Facebook https://www.facebook.com/pages/The-Anchorage-Fire-Department
Twitter https://twitter.com/afdinfo
Website ng Munisipalidad http://www.muni.org/departments/fire/pages/default.aspx

Office of Emergency Management (Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya)
Facebook https://www.facebook.com/AnchorageOEM
Twitter https://twitter.com/Anchorage_OEM
Website ng Munisipalidad http://www.muni.org/departments/oem/pages/default.aspx

Ang mga residente ay dapat na maghanda para sa lahat ng emerhensya o sakuna sa pamamagitan ng:

☐ ***Paggawa ng kit!***

- Gumawa ng isang shelter-in-place kit na may 7 o higit pang mga araw ng mga supply AT gumawa ng mas maliit na go-kit na dadamputin kung kailangan mong agad na lisanin ang iyong tirahan!
- Isama ang tubig, pagkain, gamot, damit, cash, mga toiletries, gamit na panlinis, gamit sa alagang hayop, at natatanging pangangailangan (mga assistive device, espesyal na pagkain, atbp.).

☐ ***Pagkakaroon ng plano!***

- Paano ka makikipag-usap? Paano ka kikilos?

☐ ***Manatiling may kaalaman!***

- Magsign up para sa Nixle upang tumanggap ng mga alerts at abiso sa pamamagitan ng text, email, Facebook, o Twitter mula sa Anchorage public safety (pampublikong kaligtasan ng Anchorage). I-text ang iyong MOA zip code sa 888777 o mag-sign up online sa Nixle.com
- Makinig sa, magbasa, manood, at subaybayan ang lokal na news media.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagbuo ng plano, paggawa ng go-kit, at pagkakaroon ng kaalaman ay makukuha sa Office of Emergency Management (Tanggapan sa Pamamahala sa Emerhensya).

Pagiging Handa sa Wildfire…

Handa, Itakda, Sumulong!

☐ ***Handa!*** ***Maging sanay sa sunog at handa!***

Magkaroon ng responsibilidad at maging handa bago ang panganib ng sunog sa kagubatan nang sa gayon ang iyong tirahan ay handa sa oras ng sunog. Lumikha ng madedepensahang espasyo sa pamamagitan ng pagtatanggal ng mga palumpong sa iyong tirahan. Gumamit ng landscaping na panlaban sa sunog at patibayin ang iyong tirahan gamit ang mga pamamaraan sa pagtatayo ng ligtas sa sunog. Lipulin ang mga supply na pang-emerhensya at mga pag-aari sa isang ligtas na lugar. Magplano ng mga ruta ng pagtakas at siguraduhing ang lahat ng mga naninirahan sa tirahan ay nakakaalam sa plano ng aksyon.

☐ ***Itakda!*** ***Bumuo at magpanatili ng pagkakaroon ng kaalaman sa sitwasyon!***

Balutin ang mga gamit na pang-emerhensya. Manatiling may kaalaman sa mga pinakabagong balita at impormasyon sa sunog mula sa lokal na media, iyonhg lokal na fire department (kagawaran ng sunog) at pampublikong kaligtasan.

☐ ***Sumulong*****! Kumilos nang maaga!**

Sundin ang iyong personal na planong aksyon sa sunog sa kagubatan. Ang paggawa nito ay hindi lamang makakapagtaguyod sa iyong kaligtasan, ngunit magpapahintulot din sa mga bumbero sa pinakamahusay na mapamahalaan ang mga suporta upang malabanan ang sunog.

http://www.wildlandfirersg.org/Resident